

at sunugin upang hindi na kumalat ito. Bawasan din ang pagdidilig kapag nagsimula ng malanta ang mga pechay sanhi ng sakit.

Maaring gumamit ng mga Blue Label na pestisidyo upang masugpo naman ang mga pesteng kulisap. Huwag lang mag-isprey ng pestisidyo isa o dalawang araw bago umani at ipagbili.

Pag-aani

Maari nang anihin ang tanim na pechay mula 30 hanggang 40 araw pagkatanim. Bunutin o putulin ang pechay at hugasan. Ilagay sa plastic na bag at butasan upang magkaroon ng hangin. Palibutan ng lumang diyaryo ang inaning pechay bago ilagay sa plastic bag upang lalong tumagal na sariwa.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng High Value Crops Development Program (HVCDP)

Inihanda ng HVCDP, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Department of Agriculture
Regional Field Unit 3
City of San Fernando, Pampanga



High Value Crops
Development
Program



Pag-aalaga ng PECHAY

Pechay (*Brassica rapa L*)

Ang pechay ay isa sa mga dahong gulay na karaniwan nang itinanim sa Pilipinas. Kinakain itong sariwa o kaya ay isinasama sa mga lutuing Pilipino gaya ng nilagang baboy o sinigang. Ang gamit nito sa pagkain ay ang mga murang dahon na masustansiya. Marami itong calcium, phosphorus, potassium, iron, ascorbic acid, protina at carbohydrates.

May dalawang uri ng pechay na itinanim sa Pilipinas. Ang una ay ang Wong Bok barayeti at ang pangalawa ay Japanese Yellow Leaf, Indian at ang Native Green Leaf.

Ang Native Green Leaf ang karaniwang itinanim at kinikilingan ng mga nutritionists dahil sa taglay nitong sustansiya.

Lupang kailangan

Kahit masasabi nating tumutubo ang pechay sa anumang klaseng lupa sa Pilipinas, may ilang rekomendasyon pa rin ang ibinigay upang magtagumpay sa pagtanim ng pechay. Ang asim ng lupa (Ph) ay mula 5.5 hanggang 6.5. Ipasuri ang lupa bago magtanim sa pinakamalapit na laboratoryo ng DA o BSWM. Magandang itanim ang pechay sa lupang buhaghag na maraming organikong sustansiya. Ang karaniwang pagtanim ng pechay ay mula September hanggang December kung kalian ang panahon ay unti-unting lumalamig.



Sabog tanim

Isang paraan ng pagtanim ng pechay na nauuso ngayon ay sabog tanim. Kapag naihanda na ang lupa, isabog ang mga buto ng pechay. Sa ganitong paraan ng pagtanim, umaani araw araw at pinipili lamang ang malalaking tanim na maari nang ipagbili.



Pamumunla

Ilang magsasaka ang hindi na namumunla, kundi direktang itinanim ang mga butong pechay sa kama. Sa paraang ito, inililinya rin ang mga buto sa kama. Takpan agad ng manipis na lupa ang mga buto ng pechay sa paraang ito at agad diligan.

Kung mamumunla naman, gumamit ng mga seedboxes. Isabog ang mga buto sa kahon at hayaang



tumubo. Kung masyadong makapal ang tubo, maglipat ng punla sa iba pang seed boxes.

Paghahanda ng kama

Ihanda ang kama na pagtaniman ng pechay.

Mas maganda kung maglalagay ng plastic mulch at maganda ang pagkadurog ng lupa. Itanim ang punla sa layong 20 sentimetro sa bawat linya (rows) at 10 sentimetro naman sa bawat tanim. Maari nang magtanim dalawa hanggang tatlong linggo pagkasibol ng buto.

Pag-aabono

Bago magtanim, lagyan ng organikong abono ang lupa. Maglagay ng 10 bag na organikong pataba. Maari itong pinatuyong ipot na manok o vermicompost



o maging ang mga nabibiling komersiyal na organikong abono sa pamilihan. Maglagay ng 2 kutsarang Urea bawat isang gallon na tubig at ilagay sa pinakapuno

ng pechay pagkatinim. Sa side dressing, maglagay ng 1 kutsarang Urea bawat halaman isang linggo pagkatinim. Maari nang anihin ang tanim na pechay sa loob ng isang buwan o 30 araw. Kung maganda ang mga dahon, kahit 20 hanggang 25 araw makatanim ay maari nang anihin ang pechay.

Mga sakit at pesteng kulisap



Ilan sa mga pangunahing sakit ng pechay ay ang Damping Off, Soft Rot at Club Root. Ang pangunahing mga kulisap naman ay Diamond Back at Aphids. Bunutin ang mga may sakit na halaman